



Madaling Mag-sign Up

Binibigyang-daan ka ng aming Portal ng Miyembro na ma-access ang iyong impormasyon mula sa kahit saan na may access ka sa internet

Mag-sign up ngayon sa

sfhp.org

Pag-log In ng Miyembro ng Medi-Cal




Isang Click Lang ang Iyong Impormasyon sa Kalusugan

I-access ang iyong impormasyon sa kalusugan anumang oras mula sa kahit saan na may access ka sa internet gamit ang SFHP HealthLink, ang aming ligtas at secure na Portal ng Miyembro ng Medi-Cal



Tingnan ang Iyong Mga Gamot

Alamin ang tungkol sa iyong mga gamot at ang dami na dapat mong inumin. Alamin kung paano ito nagkakaroon ng interaksyon sa iba pang gamot. Tingnan ang iyong kasaysayan ng gamot.



Tingnan ang Iyong Personal na Rekord ng Kalusugan

Tingnan ang iyong mga nakaraang pagpapatingin para sa kalusugan, gamot, at higit pa. Maaari mong dalhin ang iyong Personal na Rekord ng Kalusugan kapag nagpatingin ka sa iyong doktor.



Humiling ng ID Card

Magagawa mong tingnan ang iyong ID Card, humiling ng panibago, mag-print ng pansamantalang card, o mag-save ng larawan ng iyong card sa telepono mo.



Palitan ang Iyong PCP

Upang magpalit ng PCP, gamitin ang dropdown ng Aking Planong Pangkalusugan at piliin ang Kahilingan sa Pagpapalit ng PCP. Magkakaroon ng bisa ang mga pagpapalit ng PCP sa unang araw ng kasunod na buwan.



Maghanap ng Mga Provider

Magagamit mo ang aming pinahusay na tool sa paghahanap ng provider upang maghanap ng mga provider sa iyong network o anupamang network ng SFHP. Maghanap ng mga provider ayon sa pangalan o uri ng provider kabilang ang mga klinika, espesyalista, at higit pa.

Makikita mo ang Tool sa Paghahanap ng Provider sa homepage ng Portal ng Miyembro o sa drop down na menu sa ilalim ng Aking Planong Pangkalusugan.

Mayroon kang opsyong maghanap ayon sa Pangalan ng Provider o maaari mong palawakin ang iyong paghahanap gamit ang mga malawak na pamantayan sa paghahanap tulad ng lokasyon, network, at uri ng pangkalahatang kasanayan. Maaari mong pinuhin ang iyong paghahanap ayon sa espesyalisasyon, network, wikang ginagamit, kasarian, lokasyon, o ayon sa mga provider na tumatanggap ng mga bagong pasyente.



Serbisyo sa Customer

Maaari mong i-email ang Serbisyo sa Customer sa pamamagitan ng portal upang makakuha ng mga sagot sa iyong mga tanong tungkol sa pangangalagang pangkalusugan.

Library ng Edukasyong Pangkalusugan

May library ang aming portal sa maraming paksa sa wellness. May mga interaktibong tool para sa kalusugan at fitness, mga gamot, pagbubuntis, checker ng sintomas, at center sa pag-aaral na tutulong sa iyong gumawa ng mas magagandang desisyon sa kalusugan.



I-download ang Mga Materyal para sa Miyembro

Ngayon, matitingnan at mada-download mo na ang mga pinakabagong materyal at newsletter para sa miyembro sa pamamagitan ng aming Portal ng Miyembro.



Mag-sign up ngayon sa sfhp.org

Pag-log In ng Miyembro ng Medi-Cal




Kapag nag-sign up ka para sa aming Portal ng Miyembro, nagsa-sign up ka rin upang makatanggap ng mga materyal para sa miyembro, kabilang ang aming newsletter para sa miyembro, sa pamamagitan ng email.


Paano Mag-sign Up at Mag-sign In

Nakakatulong sa iyo ang SFHP HealthLink na masubaybayan ang iyong pangangalagang pangkalusugan


Magsimula sa **sfhp.org** at i-click ang button sa Pag-log In ng Miyembro ng Medi-Cal sa itaas ng home page.



Madidirekta ka sa Page sa Pag-log In ng Miyembro ng SFHP HealthLink. I-click ang button na Pag-sign Up ng Bagong User, na ipinapakita sa ibaba.



Hihingin sa iyo ang iyong Member ID, Apelyido, at Petsa ng Kapanganakan at na gumawa ng password at mag-set up ng mga panseguridad na tanong.



Nakahanda ka na ngayong magsimula. Ilagay ang iyong User Name at Password at i-click ang Mag-sign In upang makapagsimulang magamit ang Portal ng Miyembro ng SFHP Medi-Cal.



Ang Portal ng Miyembro ng SFHP Medi-Cal ay available sa aming mga miyembro ng Medi-Cal na 12 taong gulang o mas matanda. Ang mga miyembro ng SFHP Medi-Cal na wala pang 12 taong gulang ay mangangailangan ng Awtorisadong Kinatawan upang mag-sign up.



Kung mayroon kang mga tanong, tawagan ang Serbisyo sa Customer sa **1(415) 547-7800**. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa **1(888) 484-7200**. May mga tauhan kami na nagsasalita ng iyong wika.

Pag-log In ng Miyembro ng Medi-Cal

Mag-sign up ngayon sa **sfhp.org**

**SAN FRANCISCO
HEALTH PLAN™**



Here for you